

# Apektado ng **Sexual Harassment?**

## Alamin ang iyong mga karapatan.

**Ang mga estudyante at kawani ay pinoprotektahan laban sa sexual harassment mula sa sinumang miyembro ng kahit anong programa o aktibidad sa paaralan, pati na sa campus ng paaralan, sa school bus, o sa labas ng campus, gaya ng isang lakbay-aral na binayaran ng paaralan.**

### Ano ang sexual harassment?

**Ang sexual harassment ay isang hindi gustong pagkilos o pananalita na itinuturing na sekswal kapag:**

- **Nilinlang ang isang estudyante o empleyado upang maniwala na kailangan niyang bumigay sa hindi gustong sekswal na pagkilos o pananalita kapalit ng isang bagay, gaya ng marka, promosyon, pagkakasali sa isang koponan sa sports, o kahit anong pagpapasyang nauugnay sa pag-aaral o pagtatrabaho,**
  **o**
- **Ang pagkilos ay may masamang epekto sa pag-aaral ng estudyante, o naging mapanakot o mapanindak ang paaralan o lugar na pinagtatrabahuhan dahil dito.**

### Paano ako mag-uulat ng sexual harassment?

**Maaari kang mag-ulat ng sexual harassment sa kahit sinong miyembro ng kawani ng paaralan o sa Opisyal ng Title IX sa distrito:**

***Para sa isang kopya ng patakaran at pamamaraan sa Sexual Harassment ng iyong distrito, makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong paaralan o distrito.***

**Mga Halimba wa ng Sexual Harassment:**

- Pamimilit sa isang tao na makipagtalik
- Hindi gustong panghihipo
- Pagsusulat ng graffiti na sekswal ang tema
- Pagpapadala ng mga text, email, o larawan na lantarang sekswal
- Pagsasabi ng mga bastos na biro, tsismis, o mahalay na salita
- Pisikal na pang-aabuso, kasama na ang pnggagahasa at sekswal na pang-aabuso


**OSPI Equity and Civil Rights Office**
**360.725.6162**
**equity@k12.wa.us**
**www.k12.wa.us/equity**


Equal Access and Opportunities for Students and Educators
Equity & Civil Rights
PROMOTING EDUCATIONAL EXCELLENCE FOR ALL

SUPERINTENDENT OF PUBLIC INSTRUCTION WASHINGTON


Ang OSPI at ang mga distrito ng paaralan ay hindi maaaring mangdiskrimina batay sa kasarian, lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan, marital status, sekswal na oryentasyon, kinikilala at ipinapakitang kasarian, pagiging beterano o sundalo, o sa paggamit ng isang taong may kapansanan sa isang service animal, at dapat tanggapin ng mga ito ang lahat ng itinalagang youth group. Para sa mga tanong o reklamo, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong distrito ng paaralan, o sa Equity and Civil Rights Office ng OSPI sa P.O. Box 47200, Olympia, WA 98504 o sa (360) 725-6162.


TAGALOG